

1

Mainit ang sikat ng araw. Pangkaraniwan nang makikita ang mga tao sa San Martin na kung hindi nagbibilad ng daing ay pagtatrabaho sa bukid ang inaasikaso tuwing ganito kaganda ang panahon. Palibhasa napapaligiran ito ng mahabang baybayin sa silangan, malapad na bukirin at kabundukan naman sa kanluran. Ibinaba ni Aldrick and pasan-pasan niyang sisidlan ng mga patutuyuing pusit.

“Dumating na daw ang anak ni Sir Tony galing Maynila. At ang dinig ko, dito na sa San Martin magpapatuloy ng pag-aaral.” Malakas ang boses ni Aling Masing habang sinasabi iyon. Iba-iba ang reaksiyon ng mga nakadinig na noon ay tulong-tulong sa pagbabaligtad ng mga daing sa binibilarang kapil na kawayan.

“Baka hindi niya kaya ang taas ng pamantayan sa mga universidad sa Maynila,” nakaismid na sabi ni Aling Tina na parating negatibo ang pagtingin sa mga bagay-bagay.

Nagpatuloy pa ang chismisan ng mga trabahador ni Sir Tony. Hanggang magkaroon na ng iba’t ibang bersyon kung ano ang tunay na dahilan sa pag-uwi

Hanggang Sa Muli, Pag-ibig - Marianna Ruiz

ni Dea, ang bunsong anak ng kanilang amo. Anuman ang tunay na dahilan, kibit-balikat lang si Aldrick.

Basta ang natatandaan lang niya kay Dea, matalim ang dila, spoiled brat at makapal ang salamin sa mata. Matagal na panahong hindi ito nagbakasyon man lang sa San Martin. Umalis ito noong high school para sa Maynila na mag-aral. Hanggang sa puwesto ng mga Villegas sa palengke, pinagkukuwentuhan ang nalalapit na pag-uwi ni Dea. Natahimik lang ang mga ito nang dumating ang panganay na anak ni Sir Tony na si Teddy.

Masayang kinamayan ng bagong dating si Aldrick. Sadyang malapit ang dalawa sa isa't isa palibhasa ay magkalaro at magkaklase sila mula pagkabata.

“Kumusta, Pare?” tanong ni Aldrick sa masiglang tono. Namumuhay na nang solo ang kaibigan matapos ang katakut-takot na bangayan nito sa ama tungkol sa karerang dapat nitong kunin. May sarili itong apartment unit sa bayan habang nagtatrabaho sa isang FM station doon. Kung si Sir Tony ang masusunod, nais nitong si Teddy na ang magpatakbo ng negosyo. Bagay na ayaw naman ng lalaki na sadyang musika ang kinahiligan. Ngayon pa nga lang unti-unting nagkakaayos ang mag-ama. Tila ba

natanggap na rin ni Sir Tony na hindi pangingsda ang tipo ni Teddy na gawin sa buhay.

“Busy, Pare. Eto nga, nautusan ako ni Mama na idaan d’yan sa karnehan ang o-order-in niyang panghanda sa salo-salo para sa kapatid ko,” kuwento pa nito. Alerto namang nakikinig ang mga tindera sa likuran nila. Napapailing na tiningnan ang mga ito ni Aldrick at napapahiyang nagsipagbalikan ang mga ito sa puwesto.

“Gan’un ba?” Tanging iyon lang ang kanyang nasabi dahil ayaw niyang humaba pa ang usapan. Baka kung ano pa ang masagap na istorya ng mga pakialamerang tindera.

“Gan’un na nga, Pare. Naaalala mo pa ba noon, may crush sa ’yo si Utol? ”Tapos mula nang nabuko natin siya, parati ka na niyang sinusungitan?” natatawang sabi ni Teddy.

“Nalimutan ko na ’yun, Pare. Matagal na kasi. Saka ang bata-bata pa ng kapatid mo n’un.” Hininaan niya ang boses nang sumagot. Nakahalata naman ang kaharap at nilingon ang mga tauhan na nagkukunwariang abala sa ginagawa.

“Magugulat ka pag nakita mo ang utol ko, Pare. Dalaga na. Iyon nga lang, mataray pa rin. Ewan

Hanggang Sa Muli, Pag-ibig - Marianna Ruiz

ko nga ba sa kanya, ipinaglihi kasi sa sungit ng panahon,” patuloy nito. Tumawa lang ang kausap.

“Anyway, see you sa party, Pare. I have to go,” paalam ni Teddy.

Nagbanggaan pa sila ng kamao na siyang paalaman nila sa isa’t isa mula pa noon. Hindi nawala sa isip ni Aldrick ang sinabi na kaibigan na ipinaglihi si Dea sa sungit ng panahon. Beinte na ito ngayon at maaaring iba na ang hitsura. Hiling niya ay huwag sanang pareho pa rin ang ugali.

2

Pinagmasdan ni Dea sa ilalim ng malapad na sunglasses na suot ang tanawin sa kanyang harapan. Napabuntong-hininga siya. Walang ipinagbago ang San Martin maliban sa di-umano’y pagkakaroon na nito ng beinte-cuatro oras na supply ng kuryente at pagkakaroon ng cell site. Kumbaga sa termino ng mga kabarkada niya, *Jurassic Park* ang lugar na ganito. Malayo mula sa ingay, sigla at unlad ng Maynila. Naramdaman niya ang paghinto ng makina ng sinasakyang bangka. Kasabay niyon ang pagkakaingay ng mga pahinante sa pagmaniobra ng angkla at lubid para tuluyan silang makadaong sa sementadong pier.

“Ma’am, nandito na tayo,” anunsyo ng pinakapinuno ng mga ito sa dalaga. Hindi na nito kailangang sabihin iyon, alam na niya sa simoy pa lang ng hangin na nandoon na sila sa destinasyon. Amoy inihaw na isda.

Namataan ng dalaga ang isang puting kotse. Umibis mula roon ang kanyang Kuya Teddy. Nang makababa siya sa bangka, mahigpit silang nagyakap at nagkumustahan. Habang bumibiyaha,

nasabi ng kapatid na ang paaralang lilipatan niya, ang *University of the Pacific Islands*, ay nalalagay na sa mapa bilang isa sa mga pinakamagaling na eskuwelahan kung Fisheries at Marine Biology lang din ang mga kursong pag-uusapan.

“Don’t tell me the details. Marketing naman ang course ko so I’m not affected at all kung number one sila sa pangingisda,” nakahalukip na saad ni Dea.

Napahalakhak ito. “Ikaw pa rin nga talaga ’yan, little sister. Pero huwag kang mag-co-comment ng ganyan sa harap ni Papa. He is so sensitive these days,” paalala nito.

“It’s bad enough na pina-transfer niya ako sa dreadful school na ’yan. Hindi naman siguro masama kung maglabas ako ng sama ng loob kahit p’ano, di ba? At saka, hello, pumayag na po ako sa gusto niya. The least I could do ay laiitin ’tong choice niya,” nakasimangot na sagot niya. Napangiti na lang si Teddy.

Pumasok ang kotse sa isang malawak na bakuran na natatamnan ng magagandang halamang namumulaklak. May isang maliit na fountain sa gitna at doon nakapalibot ang mga upuan at mesa na kinaroroonan ng mga piling bisita. Nagpalakpakan ang mga ito sa paglabas ni Dea sa kotse. Sinalubong

siya ng ina at ama na tuwang-tuwang makita siyang muli. Matipid lang siyang ngumiti sa mga bisita at nag-excuse para magbihis saglit.

Sentro siya ng atensyon nang bumalik sa salo-salo. Nagmano siya sa matatanda na nadaanan niya bago makarating sa lamesa. Mga kilalang tao sa lugar nila ang mga nandoon, piling kamag-anak at ilang dating kaklase sa elementary na siyang labis niyang ikinatuwa. Masagana ang kainan.

“Kumusta ang maganda kong anak?” anang ama niyang si Tony na nasa kabisera ng mesa at manakanaka lang kung sumubo. Si Teddy ay nasa tabi nito at abala sa pagbabalat ng hipon.

“I’m good po, Papa. Kayo po? Parang malaki po ang ipinayat n’yo, ah,” komento ni Dea matapos uminom ng tubig.

“Sinasadya ko, Hija. I’m getting old. I’d better be fit, di ba?” nakatawang sagot ng matandang lalaki. Hindi ito katangkaran at maaaninag na ang pagkupas ng dati nitong kakisigan. May puting buhok na rin ito at sa tingin niya, maputla ang kanyang papa. Para bang hindi rin ito kasing-sigla noong huli silang magkitang mag-ama sa Maynila. Tuloy, nalunok ng dalaga ang balak na pagrereklamo kung bakit kailangan pa niyang lumipat ng eskuwelahan

gayung nasa ikaapat na taon na siya sa kolehiyo.

Matapos kumain kasama ang mga magulang at kapatid, nakiumpok si Dea sa mesa ng mga dating kaklase. Nandoon sina Chary, Rudolf, Buboy, at Emmie. Walang patid na kumustahan at kanyawan ang sumunod na eksena sa kanilang mesa. Maraming nagbago sa dating mga kaklase kung mukha at porma ang pag-uusapan. Pero sa kakulitan, wala pa ring kupas ang mga ito.

Nang mag-uwian ang mga bisita maliban sa mga kaklase ni Dea, saka pa lang naglabasan ang mga trabahador ng kanilang pamilya. Kabilang doon ang mga mangingisda na sumasama sa kanilang pitong bangkang pangisda, mga tagabilad at tagagawa ng daing, at maging ang mga kargador at tindera nila sa wet market at dry section ng palengke. Ayon sa kanyang mama, mahigit cincuenta ang kabuuan ng mga tauhan nila.

Siniko sila ni Emmie at excited na inginuso ang mga lalaking kasama ng kanyang Kuya Teddy. “Andito din pala si Aldrick, o! Hay, ang guwapo!”

Biglang napukaw ang pansin ni Dea sa narinig na pangalan. Aldrick? Iyong first crush niya at nang tumagal ay kinabbuwisitan na niyang kaibigan ng kanyang kuya? Nag-angat siya ng ulo at eksaktong

tumingin sa kinaroroonan nila ang lalaking tinutukoy ni Emmie. Nakasuot ito ng polo shirt na asul. Bakat ang matitipunong braso ng lalaki at kitang-kita ang malalapad na balikat nito. Nagtama ang kanilang mga mata. Namula siya nang bahagyang yumukod ang binata at ngumiti bilang pagkilala sa kanya. Inulan ng kilig ang mga kasama niyang babae.

“Super dooper guwapo!” hindi mapigilang komento pa ni Emmie. Tumikhim si Buboy.

“Ganyan na ganyan po ako kaya hindi n’yo na kailangan pang lumayo ng tingin,” anang binata. Malakas na tawanan ang naging sagot nila.

Sa mesa ng mga mangingisda, nagsisimula na ang kanyang kuya sa pag-aaya na tumagay kasama nito. May kung anong puwersa ang humahatak sa kanya na tapunan ng tingin ang kinaroroonan ng dating kinaiinisang lalaki. Bukod sa matangkad si Aldrick, matangos ang ilong nito, mahahaba ang pilik ng misteryoso nitong mga mata at kapansin-pansin ang magandang ngiti. Hindi ito umiinom. Bagkus ay patawa-tawa lang sa mga ibinibida ng mga kasamahan, lalo na ng kanyang kuya.

Ever reserve pa rin pala talaga siya. Well, I don’t care, napapaismid na sabi ni Dea sa sarili. Mas guwapo pa rin si Jim para sa kanya. Ang lalaki ay

mayaman, matalino, may pinag-aralan at hindi *barriotic*.

Nang muli niyang tingnan si Aldrick para siguruhing hindi ito kasing-guwapo ni Jim, eksaktong napatingin din ito uli sa kanya. Ngumiti ito pero irap ang kanyang iginanti. Hindi na tumingin pa sa kanya ang binata pagkatapos niyon. Imbis ay tumalikod ito ng upo at nakipaghuntahan sa mga kasama.

Mayamaya pa ay nagpaalam na si Dea sa kanyang mga kaibigan upang magpahinga. Habang nakahiga, nanariwa sa kanya ang nakaraan kung bakit mainit ang dugo niya sa Aldrick Marciano na iyon.

Grade four siya noon nang una niyang maramdaman ang paghanga. Madalas na nasa bahay nila si Aldrick dahil magkaklase ito at si Teddy. Kung hindi gumagawa ng homework o project, makikitang naglalaro ang dalawa. Bagaman hindi talaga likas na palakuwento, mabait si Aldrick kaya nga kasundo ito ng kuya niya. Bukod pa sa matalino at magaling na atleta, ito ang pinaka-may hitsura sa buong San Martin.

Inilihim niya nang todo ang nararamdaman dahil sa hiya at takot na biruin siya ng kapatid. Pero nang magkanobya na si Aldrick sa high school, hindi

niya napigilan ang magselos. Pag sumasama noon si Jhona sa lalaki upang gumawa ng assignment sa kanilang bahay, tinatarayan niya ang babae na ipinagtaka naman ng dalawang lalaki dahil magiliw naman si Jhona kay Dea.

Minsan, hindi naka-attend ng birthday party niya si Aldrick dahil anniversary raw nito at ni Jhona. Sa sama ng loob, isinulat niya lahat ng nararamdaman niya sa isang lumang notebook. Nakalimutan niya ang tungkol doon hanggang isang araw na madatnan niyang nagtatawanan sina Teddy at Aldrick sa sala, hawak ang notebook na sinulatan niya.

Para siyang binagsakan ng langit at lupa nang mga oras na iyon. Galit na galit siya sa kapatid lalo na nang tuksuin pa siya nito na kaya pala masungit siya kay Jhona ay dahil crush niya si Aldrick. Ang huli naman ay halatang nagpipigil na matawa sa mga nasasaksihan at nadidinig. Inagaw niya ang notebook sa lalaki at sinunog. Saka pa lang nakaramdam si Teddy na totoo ang galit ng bunsong kapatid. Humingi ito ng despensa at nanuhol nang todo bago siya napahinuhod.

Lumalim pa ang inis ni Dea kay Aldrick nang marinig niya ang pagbibiro nito sa kapatid niya. Na kaya lang daw niya nagustuhan ito ay dahil malabo

Hanggang Sa Muli, Pag-ibig - Marianna Ruiz

ang kanyang mga mata. Pagkatapos, biniro ito ni Teddy na kung magdalaga na si Dea, may pag-asa raw bang magustuhan siya ni Aldrick? Tumawa lang ang lalaki at sinabing hindi pa nito napag-isipan iyon at binanggit pa na wala pa nga raw baywang si Dea at hindi siya seksi. Nagpupuyos ang kalooban niya nang mga oras na iyon sa pinaghalong sama ng loob, hiya at insulto.

Nakaalis siya at lahat sa San Martin, pero hindi na siya kailanman lumapit uli kay Aldrick. Ibinaon din niya sa limot ang lahat ng alaala niya sa unang hinangaan.

Ngayon nga, muli silang nagkita matapos ang ilang taon. Buo pa rin ang determinasyon niyang iwasan ang binata.

3

Kinaumagahan, binanggit ng ama ang pagnanais nitong si Dea ang magmana sa kanilang negosyo. Hindi siya makapaniwala sa narinig mula rito.

“Po? Pero, Pa, ano’ng alam ko sa mga isda-isda na ’yan? Bakit hindi n’yo ibigay ’to kay Kuya Teddy, eh, siya ang panganay at lalaki pa mandin?” sabi niya nang makabawi sa pagkabigla. Kalmadong sumagot si Tony.

“He declined at payag siya na walang manahin kesa magpatakbo nito. Alam mo na rin ang istorya, Anak. At saka naisip ko, baka di niya kayanin ang ganitong bagay. Di hamak na mas matalino ka. Happy-go-lucky siya at matagal bago niya natapos ang pag-aaral sa kolehiyo. Kaya pakiusap, Hija, ikaw na lang ang pag-asa ko.”

“Pero hindi ko po alam ang pasikot-sikot, Pa. Baka malugi lang tayo,” patuloy niyang pagdadahilan.

“Kaya nga kita pinauwi dito para habang nag-aaral ka, unti-unti kang maturuan ng gagawin mo. Marami pang panahon para matuto, Anak, ang kailangan ko lang ay pagpayag mo. Isipin mo na lang,

ilang pamilya ang umaasa sa atin ng ikabubuhay. Lahat sila, ito lang ang alam na trabaho,” paliwanag nito.

“Kung bakit naman kasi hindi sila nag-aral. Ayan tuloy, problema pa natin na i-maintain ang hanap-buhay nila,” naiinis na sagot niya. Napailing si Sir Tony.

“Baka nakakalimutan mo na ang mga tinutukoy mong tao ang nagpanhik sa ’yo ng karangyaang tinatamasa mo ngayon, Andrea. Binuhay ko kayo sa pamamagitan ng hanap-buhay na ito. Kung kasing-lakas pa ako noong kabataan ko, hinding-hindi ko kayo aabalihin. Mauunawaan mo rin ang kabuluhan ng lahat ng ito. Do this not only for us or for your future, but also for other people who had been loyal to our family,” mahabang pahayag nito.

Hindi na siya sumagot pa. Bihira lang siya matawag sa buo niyang pangalan. At dahil ginawa iyon ng ama, nakuha kaagad ni Dea ang punto na hindi tatanggap ng ibang mungkahi si Tony at pinal na ang desisyon nito.

Si Teddy ang pinagbinuhusan niya ng sama ng loob. Iniyakan niya ito sa telepono, pero tinawanan lang siya ng kapatid.

“How could you do this to me, Kuya? Hahayaan mo talaga akong mag-isa?” asik niya rito. Natapos ang usapan nila na hindi nabago ang katotohanang siya na ang magpapatakbo ng negosyo some time soon. Isang araw rin siyang nagkulong sa kuwarto at lumabas lang nang magutom na. Marahil binibigyan din siya ng magulang ng space, kaya hindi na inungkat muli ang usapang negosyo.

Nang mag-enrol sila nina Emmie at Chary, naidaing ni Dea ang pinagdadaanan. Hindi maintindihan ng mga kaibigan kung bakit ayaw niya gayung Marketing ang kanyang kurso.

“Kung ako ang may ganyang kapalaran, hindi na ako mag-aaral pa. Para alin? Maging sunud-sunuran sa iba? Mabuti ka pa nga dahil siguradong boss ka na. Kami, hindi pa tiyak kung may mapapasukan ba pag nag-graduate na,” sabi ni Chary. Nakapila sila noon sa harap ng business office para magbayad ng tuition fee.

“Hindi naman ito ang tipo kong gawin, eh. Gusto ko ring tumayo sa sarili kong paa. Gusto kong magtayo ng sariling negosyo sa Maynila. 'Yun bang hilig ko talaga ang gagawin ko at hindi dahil inutusan lang ako,” depensa niya.

“Liking what you do and not doing what you

like is the secret of true happiness,” anang kausap. Iniabot nito ang enrollment form sa cashier kasama ng ilang dadaaning pera.

“Tama! Saka, hello, ang guguwapo kaya ng mga tauhan n’yo. Kung ako ’yan, mag-e-enjoy ako. At lahat ng pogi, required na mag-report sa opisina ko araw-araw. Lalo na si Aldrick Marciano,” biro ni Emmie.

“Ikaw talaga, panay na lang guwapo ang laman ng kukote mo,” kanyaw ni Chary, sabay kurot sa tagiliran ng kaibigan.

“Joke lang. Pinapasaya ko lang si Dea. Pero puwera biro, kung ako ang nasa kalagayan niya, gagawin ko ’yung huling sinabi ko,” kaagad na paliwanag nito at humagikgik nang may pagkapilya.

“Sus! Hindi ko nga matagalan ang Aldrick na ’yun. Maangas, suplado. Pakiramdam niya’y guwapo siya, alam mo ’yun?” nakahalukipkip na sabi ni Dea.

“Totoo naman ang pakiramdam niya na guwapo siya. May ebidensya at basehan, kaya hindi ko siya masisisi. Cute nga niya lalo pag salubong ang mga kilay niya,” napapangiting depensa ni Chary.

“Ano ba kayo, ang weird ng definition n’yo ng guwapo. Paalala ko lang, ang topic ay ’yung pag-

ayaw ko na sumali sa pagnenegosyo ng malalansang isda,” napapailing na turan niya sa dalawa.

“Maliit na bagay kasi ay pinoproblema mo pa. Sabagay, nasanay ka sa Maynila na sosyal ang buhay d’on. Alamkong mahirap sa’yo ang gan’ung kalakaran kahit pa kung para sa amin na sanay sa hirap, wala lang ’yun. Hindi naman ikaw ang mangingisda, eh. Ni hindi mo rin kailangang magtinda o magdaing. Utak lang ang gagamitin mo. Sisiguraduhin mo lang na kumikita ang investment mo at sumasahod lahat ng tauhan mo. Tapos,” pahayag ni Emmie na naging seryoso ang mukha sa huling sinabi.

Saglit siyang nag-isip at napatango.

“May point ka nga d’un, Emmie. Sa totoo lang, wala akong choice kundi pumayag. Hindi ko rin maatim na ipagkatiwala sa iba ang kabuhayan namin. Baka mamaya, mamalayan ko na lang, iba na ang may-ari ng *Villegas Commercial*,” pagtatapos ng dalaga. Napabuntong-hininga siya at nagdesisyon na titigilan na ang pagmamatigas.

Pag-uwi sa bahay, hinanap niya ang ama. Nasa bilaran daw ito, sabi ng kanyang mama. Nagsuot ng maong shorts si Dea at dark orange backless top. Itinali niya ang buhok at nakatsinelas lang na pinuntahan ang ama. Sobrang maalinsangan

ngayon sa San Martin pag ganitong summer, kaya halos ayaw na niyang magdamit kung pupuwede lang. Natigil ang mga manggagawa sa pagbibilad nang makita siya.

“Sir, si Ma’am Dea po,” pagbibigay-alam ng isa. Nilingon siya ni Sir Tony at malawak ang ngiting kinawayan siya nito. Lumapit ang dalaga.

“Anak, mukhang ready ka nang mag-tour, ah,” puna nito na mababanaag ang kakaibang tuwa sa tinig. Alam niyang maligaya ito sa nahinuhang positibong desisyon niya.

“Opo, Papa. Maaari mo po ba akong samahan?”

“Oo ba. Kilalanin mo muna ang mga naka-assign dito,” masiglang sabi nito.

Namataan ni Dea sa di-kalayuan na nagtatahi ng punit na lambat ang ilang kalalakihan kasama si Aldrick. Mangingisda rin pala nila ang lalaking iyon?

“Eh, ’yung mga lalaki po d’un, mga mangingisda natin sila?” pagkumpirma niya. Umiling at tumango ang ama.

“Yung iba, puwera kay Aldrick. Kumbaga sa kompanya, operations manager ko siya. Pero napaka-

hands on, kita mo naman. Siya ang tutulong sa 'yo para matutunan mo ang lahat ng dapat matutunan sa ating negosyo.”

“Po?” tigagal na sabi niya. Napakunot-noo ito.

“Hindi ko ba nabanggit sa 'yo na si Aldrick ang namamahala ng ating negosyo bukod sa akin?” Himig patanong ang sagot nito.

Umiling si Dea. *Kung alam ko lang, hindi sana ako pumayag!* sa isip ay sabi niya. Mainit talaga ang ulo niya sa lalaking iyon bagaman wala naman itong ginagawa na dapat niyang ikagalit. *I simply despise him*, aniya sa sarili. Pinagmasdan niya ito habang nagtatrabaho at pangiti-ngiti. May kung anong angas sa tayo at kilos ni Aldrick na ikinaiirita niya.

“Well, tumatanda na ako. Marahil, na-overlook ko lang. Anyway, it doesn't make any difference, Hija. Alam na ni Aldrick ang gagawin. I have told him about this. I could not be more than happy na best friend ng kuya mo ang magsasanay sa 'yo. Aldrick is also like a son to me, kaya nga pinagkakatiwalaan ko siya,” kibit-balikat na paliwanag ni Sir Tony.

“You should not trust anyone so much, Pa. Lalo na ang hindi mo kadugo. Ang mga kontrabida usually ay 'yung mga taong hindi mo akalaing masama

pala,” nakapamaywang na sabi niya. Napatawa ito.

“Iba si Aldrick, Hija. Sabagay, may point ka, kaya nga I never really put everything on someone else’s hands. Nakikialam pa rin ako. So I’m sure ngayon, naiintindihan mo na ang dahilan kung bakit gusto ko na may isa akong anak na hahawak ng negosyong ito.” Iyon lang at tinawag na nito si Aldrick. Tango lang ang bati ni Dea sa huli nang muli silang pagkilalanin ng kanyang ama.

“Ikaw na ang bahala sa anak ko, Aldrick. Train her like she’s not going to be your future boss. Gusto ko siyang maging magaling,” habilin pa ng matandang Villegas.

“Opo, Sir,” seryosong sagot ng binata. Pagkaraan ay nagsabi na ang kanyang papa na uuwi ito, at si Aldrick na ang magti-take over sa tour. Hindi na nakapalag si Dea. Ayaw niyang ipahalata na intimidated siya sa Aldrick na ito.

If anything, siya ang dapat mangilag dahil anak ako ng amo niya. Tinanong niya ang lalaki kung saan sila pupunta.

“Next time na tayo iikot pag maayos na ang suot mo,” kaswal na sagot nito.

Uminit ang kanyang tainga. “Ano’ng sinabi mo?”

Alam mo ba kung ano'ng brand ng mga damit na suot right now para sabihin mo na hindi ito maayos?" Pinilit niyang gandahan ang tono. Baka kasi mali lang siya ng dinig.

"Ika ko, hindi tayo iikot ngayon dahil masyadong bulgar 'yang damit mo. Pagpipiyestahan ka lang ng mga tauhan ninyong lalaki," pahayag nito.

"Gan'un? Eh, di sisisantehin ko lahat ng mga babastos sa akin," nakataas ang kilay na deklara niya.

"Kungganyan ang prinsipyo mo, walang maiiwan na trabahador sa 'yo. Manamit ka nang matino para irespeto ka nila bilang amo," nakapamulsang sagot ng binata.

"So, hindi pala karespe-respeto ang hitsura ko ngayon, 'yun ang ibig mong palabasin," napipikang singhal niya.

"Ikaw, ano sa tingin mo?" balik nito.

Binigyan niya ng masamang tingin ang kausap at nag-walk out. Nanginginig sa galit na nagsumbong siya sa ama.

"Kung di ba naman siraulo 'yung kumag na 'yun. Mas mahal pa ang suot kong 'to kesa sa inaayos

niyang lambat, 'tapos lalaitin niya. The nerve!"

Napangiti lang si Sir Tony.

"Are you not gonna do something, Papa?" salubong ang mga kilay na sita ng anak.

Umiling-iling ito, sabay tanggal sa suot nitong salamin sa mata. "May punto si Aldrick, Hija. I told you, alam niya ang kanyang ginagawa. Mas mabuti na sundin mo siya. Para rin sa 'yo 'yun. Mas kilala niya ang likaw ng mga tauhan natin," napapakumpas pang paliwanag nito. Napapiksi si Dea.

"I can't believe na kinakampihan mo ang ungas na 'yun, Pa. He humiliated me right in my face. 'Tapos sasabihin mo, sumunod lang ako?"

"Anak, binigyan ko si Aldrick ng karapatan na gawin lahat ng dapat para matuto ka. Hindi niya isa-suggest 'yun kung hindi kailangan. Lumago ang negosyong ito nang triple mula nang siya ang maging katuwang kong magpalakad. Kaya pakiusap, give it a shot," pangungumbinsi pa ng ama.

Nagpuputok pa rin ang butse niya hanggang hapunan. Ikinuwento niya sa ina ang nangyari at maging ito ay nagsabi na sisitahin nga raw sana nito ang suot niya kung hindi lang siya nakaalis kaagad kanina. Hindi pa rin daw kasi tanggap sa kanilang

lugar ang ganoon kaseksi na attire na para bang kinapos sa tela.

Lalo na nainis si Dea. Para bang lahat ay nagkaisa laban sa kanya. Lalo tuloy siyang naging determinado na gawing mahirap para kay Aldrick ang lahat. Titingnan niya kung makakatagal ito sa kanyang pagmamaldita. Napangiti siya sa naisip na paraan para asarin ito.

Nang muli silang magkita para ituloy ang tour, nakasuot na siya ng long-sleeved blouse at itim na leggings. Kung sisipatin, balot na balot siya kaya hindi na nagkomento si Aldrick. Dinala siya nito sa daungan kung saan nakadaong lahat ng kanilang bangka para sa safekeeping at maintenance.

Nasorpresa si Dea dahil malinis at maayos ang hitsura ng daungan. Taliwas sa naaalala niyang makalat at mabaho. Ayaw man niyang tanggapin, maganda ang ginawang pamamalakad ni Aldrick sa puntong iyon. Lahat ay kanyang kinamayan na ikinagalak ng mga tauhan. Nabago tuloy ang impresyon ng mga ito na mataray ang dalaga ni Sir Tony.

Nakihalubilo rin siya sa mga batang nandoon

kasama ng kani-kanilang ama at nagpupunas ng bangka. Isinakatuparan niya ang kanyang planong pang-aasar kay Aldrick nang kargahin niya ang isang sanggol. Pinalabas niyang naihian siya ng bata pero ang totoo, ibinuhos niya kaunti ang dalang mineral water sa kanyang leggings. Nataranta ang ina ng baby at humingi sa kanila ng paumanhin.

“Okay lang po. Ate. Baby’yan, eh. Di po bale, may dala akong extra na pamalit. Makikigamit na lang po ako ng banyo n’yo para makabihis,” magalang na sabi ni Dea. Tinapunan niya ng tingin ang walang kamalay-malay na si Aldrick. Nagprisinta pa ito na sasamahan siya sa banyo. “Oh no, I’m okay,” nakangiting sabi ni Dea. Pumunta siya ng banyo at hinubad ang leggings. Ang totoo, wala siyang dalang pamalit. Ang blouse niya ay hindi naman talaga blouse kundi mini dress. Umaabot iyon hanggang kalahati ng hita pag niluwagan niya ang belt. Paglabas niya ng banyo, laglag ang panga ng kalalakihan. Patay-malisya lang siya nang dumaan sa tapat ni Aldrick.

“Bakit ganyan? Akala ko ba may pamalit ka?” sita nito, halatang hindi nagustuhan ang ginawa niya.

“Hindi ko pala nadala. Inalis ko na lang ang

leggings ko. Mas mabuti na 'to kesa mababad ako sa ihi, di ba?" kunwari ay inosenteng sagot niya.

Pinag-aralan nito ang kanyang mukha pero magaling mameke ng emosyon ang dalaga, kaya wala itong nahulaan sa iniisip niya.

"Sobrang pangit ba?" tanong niya sa isang lalaking nagpapakinis ng kahoy sa tabi. Umikot pa siya para masipat nito.

Napalunok ang lalaki at pautal na sumagot, "H-hindi po, Ma'am. S-sobrang ganda nga po," sagot nitong hindi makatingin sa kanya.

Hinila siya ni Aldrick sa braso at nagpaalam sa mga kasamahan na aalis na sila. Nagpasalamat si Dea at nag-iwan pa ng flying kiss bago umalis.

"Saan na tayo pupunta next?" kunwari ay pukaw niya sa kasama. Naglalakad na sila noon sa niyugan. Dapat ay sasakay sila ng motorsiklo nito, pero ayaw na siyang isakay ng binata dahil tiyak daw na liliparin ng hangin ang napakaikli niyang suot. Pinipigil lang niyang matawa, ngunit natutuwa siya dahil pakiramdam niya, nagtagumpay siyang asarin ito.

"Tapos na. Sa susunod na uli. Madami pa akong aasikasuhin," sagot nito sa malamig na tono.

“Saglit, ah. Bad trip ka ba?”

“Saan? Kanino? Bakit naman?” sabi nito.

“Baka iniisip mo kasi, sinasadya ko ang—”

“Hindi! Bakit mo naman gugustuhin na matakam ang mga pobrang lalaki na ’yun, di ba? Saka kung maghahanap ka na rin lang ng hahanga sa ’yo, ’yung may-sinasabi na sa buhay, para may mapala ka, tama?” mabilis na agaw ng binata sa sasabihin sana niya.

“Right! Mabuti alam mo,” deklara niya.

Nang malapit na sila sa bahay ng mga Villegas, pinabayaanan na siya ni Aldrick na umuwi dahil dadaan pa raw ito sa daingan. Hindi niya maunawaaan pero pakiramdam niya, napuntusan siya ng lalaki. Imbis na siya ang panalo, naibaligtad nito ang mesa.

Nang magsimula ang pasukan, naging mas abala si Dea dahil kailangan pa niyang isingit sa schedule ang pag-aaral tungkol sa kanilang negosyo. Hindi niya gaanong kinakausap si Aldrick. At maging ito ay hindi na rin siya kinikibo kung hindi rin lang mahalaga ang sasabihin. Bagay na mas gusto niya. Na-co-conscious din kasi siya nang hindi niya

maintindihan kung bakit, sa tuwing magsasalubong ang kanilang mga mata. Ayaw niyang maisip ng lalaki na natutunaw siya sa titig nito.

Kagaya ngayon, nasa opisina sila ng ama at nire-review ang records ng sales for the past five years. Kahit labag sa kalooban niya noong una, nagdamit na lang siya nang konserbatibo. Ang isa pang ikinabubuwisit niya sa lalaki, super istrikto ito sa ‘tutorial session’ nila. Para rito ay mahalaga ang bawat oras.

“Bakit pa kailangang magtayo ng daingan, eh, hindi naman pala kalakihan ang tubo. Mas malaki pa rin pag fresh fish ang bentahan,” pagsasatinig niya sa nabuong tanong sa isip.

Lumapit ito at bahagyang sinilip ang binabasa niyang record na para bang tinitiyak nito na may basehan ang kanyang sinabi.

“Hindi naman laging nauubos ang sariwang isda. Pag itinago nang itinago sa freezer, humihina ang kalidad kaya nagiging mura. Gagastos pa sa kuryente at upa sa taong maghahakot papunta at pabalik ng storage facility. Pag idinaing, nagkakaroon tayo ng oportunidad na makabenta pati ng mga isdang mura ang halaga pag sariwa, pero mahal na pag tuyo. Higit sa lahat, dagdag na trabaho para sa

tao pero sa paraang hindi tayo nalulugi,” mahabang paliwanag nito.

Bahagyang na-impress si Dea sa sinabi ng binata, subalit hindi siya nagpahalata. Kunwari ay nagpatuloy siya sa pagbabasa at kumuha pa ng calculator para mag-compute. “Sino nga pala ang nag-iimbentaryo?”

“Ako. Pagkatapos ay tinitingan din ni Sir,” anito habang isinasalansan ang ilang record books sa aparador. Napansin niyang sobrang organized ito at malinis. Pati nga ang puwesto sa palengke, katakatang hindi nanggigitata kagaya ng akala niya. May nakahanda pa naman siyang mga panlalait na sasabihin, pero hindi niya naituloy dahil malinis ang puwesto.

“Well, that couldn’t be. If I am to run this business, I want to hire a real accountant,” deklara ni Dea sa perpektong Ingles.

Tumango ang kausap. “It’s your prerogative,” maikling sagot nito.

Napaangat ang kanyang ulo. Maganda ang pronunciation. Nakapag-aral ba ang lalaking ito? Ng kolehiyo? Malamang hindi. Dahil kung oo, bakit ito magtitiyaga sa ganitong hanapbuhay?

“Correct. Saka maganda na ang nakakasiguro. Hindi ko nga alam kung eksakto ba ’yung mga nakasulat dito. Mahirap magtiwala sa panahon ngayon lalo na at mahirap ang buhay.”

“P’wede mong ipa-check ’yan kahit kanino. Wala akong kinukupit sa pera ng ama mo kung ’yun ang ipinaparating mong mensahe.” May himig na inis ang boses nito nang sumagot.

Natuwa si Dea kaya sumige siya na inisin ang lalaki. “That’s not what I mean. Natural, komplikado ang ganitong bagay, might as well someone *well-educated* na ang maghawak, di ba?” Binigyang-diin niya ang salitang ‘well-educated’ para insultuhin ang lalaki.

“Kaya nga ako ang pinahawak niyan ni Sir Tony,” depensa nito. Kitang-kitang napikon ito sa mga sinabi niya bagaman hindi nagpahalata. Bagkus ay itinutok nito ang mga mata sa isang makapal na libro.

Pasekretong nag-text si Dea sa kapatid para itanong kung nakapag-aral ba ng kolehiyo si Aldrick.

Kaagad nag-reply si Teddy. “Yup. Graduate siya ng *Mechanical Engineering. Cum laude.*”

Halos hindi siya makapaniwala sa nabasang

Hanggang Sa Muli, Pag-ibig - Marianna Ruiz

text message ng kuya niya. *Eh, ano ngayon?* anang isang bahagi ng kanyang utak.

Pero pakiramdam ni Dea, nag-backfire sa kanya ang mga sinabi sa lalaki. Dapat pala, ipagpasalamat niyang nagtiyaga si Aldrick sa kanila kahit na mas maraming oportunidad ang naghihintay sa gaya nitong maganda ang educational background. Pero kahit na, nakakaasar pa rin ito. Isinara niya ang binabasang record at nagsabi sa binata na magpapahinga muna siya dahil sumakit ang kanyang ulo.

4

Kinausap ni Aldrick si Sir Tony sa hardin ng bahay ng mga Villegas kung saan ito nagkakape. Ikinuwento niya ang pang-iinsulto ni Dea. Ibinaba nito ang tasa sa platito at humingi ng despensa in behalf of his daughter. Napabuntong-hininga ang binata.

“Hindi ko po alam kung kakayanin ko ba ’to, Sir. Mas maigi pa nga pong mamalakaya na lang ako o magbuhat ng banyera kesa mag-train sa kanya. Stressful po siyang kasama,” pagtatapat niya. Malapit siya sa matandang Villegas at malaya siyang nakakapagsabi rito ng kanyang saloobin. Tumawa lang ito.

“Hindi ko nga rin alam kung bakit ka inaaway ng batang ’yun, Aldrick. Naikuwento minsan ni Teddy sa akin na noong bata pa daw si Dea, nagkar’on siya ng gusto sa ’yo. Baka defense mechanism niya lang ’yung pagsusungit.”

Natigilan ang binata subalit dagli ring napailing.

“Matagal na po ’yun, Sir. Imposible namang hanggang ngayon, ’yun pa rin ang issue. Sa taas ng ere niya, sigurado po akong hindi ako ang tipo ni

Dea. Pasensya na po kayo sa sasabihin ko, Sir, pero malayong-malayo po sa inyo ni Teddy ang ugali niya. Talagang nakakapikon po. Ang hirap niyang ispelingin,” patuloy niya. Hindi nagsalita kaagad ang kausap.

“Na-spoil kasi namin ang batang ’yan noong maliit pa dahil lubha siyang sakitin dati. Pero magiliw siya basta mahuli mo ang kanyang loob,” mayamaya ay sabi nito.

“Hindi po ba p’wedeng saka na lang natin turuan si Dea na magpalakad ng negosyo n’yo pag medyo mature na siya? Baka sakali po, hindi na siya ganito kahirap kasama mga limang taon magmula ngayon.”

Iling ang isinagot ni Sir Tony. Ipinatong nito ang kamay sa balikat niya. “Ayoko sanang ipaalam ’to kahit kanino maliban sa aking misis, kaso nakikita kong kailangan mong maunawaan ang importansya na matuto si Dea sa lalong madaling panahon. Aldrick, I’m dying. I have colon cancer.” Marahan lang ang pagkakabitaw ng matanda sa huling dalawang pangungusap, pero tila sinlakas ng bomba ang dating niyon sa binata.

“Ano po?” nahintakutan niyang bulalas.

“You heard it right. Hindi na ako masyadong magtatagal sa mundo,” paliwanag pa nito.

Nasapo ni Aldrick ang noo. Hindi siya makapaniwala na mangyayari ito sa taong itinuring na niyang ama. Namalayan na lang niya ang sarili na umiiyak sa pagdaramdam kung bakit kailangan pang si Sir Tony ang makaranas ng ganoong kalubhang sakit. Tinapik-tapik siya ng matandang Villegas sa balikat.

“Aldrick, kailangan nating magpakatatag. Huwag mo itong ipaalam sa iba. Ayokong makitang nagluluksa ang mga mahal ko sa buhay. Kaya ko pinilit si Dea na umuwi na rito dahil gusto kong makapiling siya sa nalalabing oras ng buhay ko, at higit sa lahat, gusto kong masiguro na magiging maayos ang kanyang kinabukasan kahit wala na ako. Kaya pakiusap, pagtiyagaan mo ang anak ko.”

“Opo. Gagawin ko po para sa inyo, Sir,” pangako niya. Ngumiti ito at niyakap ang binata bilang pasasalamat.

Malungkot si Aldrick hanggang makauwi ng bahay. Hindi pa rin niya lubos-maisip na saglit na lang pala ang itatagal ni Sir Tony sa mundo. Napakamasayahin nito, mapagbigay at mahusay makisama. Wala siyang naaninag man lang na

posibleng may karamdaman ito. Matagal nang pumanaw ang kanyang ama, pero pakiramdam niya, pareho lang ang sakit na kanyang nararamdaman noon at ngayon.

Nagmamadali ang mga hakbang ni Dea pababa ng hagdanan isang umaga. Dumerecho siya sa kusina kung saan abala ang ina sa pag-aayos ng mga plato sa aparador na gawa sa salamin.

“Mama, tumawag po si Jim. Finally, he agreed to come here! Okay lang po ba?” hindi magkandaugaga na balita niya. Napahinto si Mercy sa ginagawa.

“Jim? Ito ba ’yung lalaking ipinakilala mo sa amin ng iyong papa sa Maynila na hindi marunong gumamit ng po at opo?” kunot-noong tanong nito.

“Si Mama talaga! Pati ba ’yun, big deal?” napapakumpas na puna niya. Tumalikod ang ginang at nagpunas ng mamahaling mga plato. “Ma...” tawag niya.

“Kausapin mo ang iyong papa. Hindi ako ang tamang tao na magdedesisyon d’yan,” pahayag nito.

Hindi na kailangang pumanhik ni Dea sa kuwarto ng mga magulang dahil pumasok na si Tony

sa kusina. Ibinalita niya ang balak na pagbakasyon ng nobyo sa San Martin.

“Hindi maaari, Anak. Hindi maganda sa paningin ng iba na pabakasyon-bakasyon siya rito gayung hindi naman kayo ikakasal. Buti sana kung pupunta siya dahil mamamanhikan na,” simpleng sagot ng ama.

“Pa, bakasyon lang po. Hindi mag-aasawa or anything. Gusto lang naming magkasama. Galing po siya ng Amerika. Ngayon nga lang nakipag-communicate sa akin after one year, ’tapos aayaw pa kayo,” aniya na hindi naitago ang inis sa tinig. Napahalukipkip ang ginoo.

“Hindi ka niya totoong gusto. Bakit ’ika mo? Ang lalaking desidido, gagawa ng paraan para makausap ang babae. Tumagal siya ng isang taon na hindi nakikibalita sa ’yo, balewala lang? Ano pa ba ang ibig sabihin, di ba?” paliwanag nito na sinusugan ng ina.

“Isa pa, hindi ko gusto ang Jim na ’yun para sa ’yo, Anak. Hindi siya gentleman, walang kumpas magsalita, may pagkamahangin pa.”

Napapiksi si Dea. “Napaka-judgmental n’yo naman, Mama, Papa. Ni hindi n’yo pa po lubusang

kilala si Jim.”

“Hay naku! Sa tanda naming ito, madali na lang bumasa ng likaw ng tao sa pananalita at pagkilos,” sagot ng kanyang mama.

“Paano po kung siya talaga ang gusto ko?” pagpipilit niya.

“Bata ka pa. Hindi mo pa naiintindihan ang komplikasyon at bigat ng sinasabi mong ’yan,” ani Sir Tony.

“Pag negosyo, sinasabi n’yong matanda na ako. Pag tungkol sa gusto sa buhay, sasabihin n’yong bata pa ako. You are both so unfair!” naiiyak sa inis na pahayag ng dalaga, sabay talikod.

Ano na lang ang sasabihin niya kay Jim? Siya ang mapilit dito dati na sumama sa kanya sa San Martin, pero ayaw ng lalaki. Ngayon namang ito ang kusang-loob na gustong pumunta, magulang niya ang kontra.

Nang tumawag ang nobyo kung kailan ito puwedeng magbiyahe papuntang San Martin, nagsinungaling si Dea. Kunwari ay under renovation pa ang bahay nila at magte-text lang siya kung kailan matatapos. Pumayag ang lalaki.

Pero hindi nawala ang pressure na kailangang makumbinsi niya ang mga magulang na pumayag sa gusto niya. Kinausap niya ang ama at ina at nag-sorry. Dahil nga masagwa sa San Martin na tumira sa isang bubong ang dalaga at binata na hindi kasal, totally out of question na ang pagdalaw roon ni Jim.

“What if ako na lang po ang sumaglit ng Maynila?” ani Dea na natuwa sa naisip na ideya. Isang linggo silang walang pasok dahil nga intramural meet. Tumingin sa malayo si Sir Tony bago sumagot.

“Pag-iisipan ko. Hindi pupuwedeng ang lalaking ’yun lang ang dahilan kaya ka pupunta ng Maynila at magtatapon ng pera at oras.” Hindi na siya sumagot kahit hindi masyadong maganda ang sinabi ng ama. Hindi tahasang umayaw ito, ibig sabihin, may tsansa siya.

Umalis si Tony at pinuntahan si Aldrick sa daingan.

“Aldrick, p’wede ba tayong mag-usap doon?” Ininguso nito ang upuan sa ilalim ng malilim na punong talisay.

Magalang na sumang-ayon ang binata at sumunod dito.

“Kumusta ang plano mong mag-expand tayo ng daing sa Maynila? Feasible ba?” panimula nito nang makaupo sa bangkito roon sa ilalim ng puno.

“Yes, Sir.” Ipinakita pa niya ang mga na-compute na kikitain nila. Nasisiyahang tumangu-tango ito.

“Magaling. Kung gayun, itutuloy natin ang pagluluwas ng produkto sa Maynila. May mga contacts akong papupuntahan sa ’yo nang personal sa Maynila, sa susunod na linggo. Gusto kong kausapin mo sila at mag-canvass ka kung sino ang pinakamahal kumuha at kung sino ang pinakamaganda ang kondisyon sa transaksyon,” utos ng amo.

Dagling pumayag si Aldrick at tumayo na sa pag-aakalang iyon lang ang pag-uusapan nila. Subalit muli siyang pinaupo ni Sir Tony.

“Pangalawang pakay mo lang ’yun, Hijo. May mas mahalaga akong ipapagawa sa ’yo.” Ikinuwento nito ang pagdating ng nobyo ni Dea galing Amerika at ang plano sanang pagbakasyon sa San Martin ni Jim. Isinalaysay rin nito ang dahilan ng pag-ayaw nila ng asawa sa lalaki at ang suhestyon ni Dea na kung hindi nila ito papayagan na magpunta ng San Martin, ang dalaga na lang ang makikipagkita rito sa Maynila. Mataman lang na nakinig si Aldrick sa lahat ng iyon.

“Papayagan ko siyang pumunta sa Maynila, pero sa kondisyon na sasamahan mo siya.”

Napanganga siya. “Sasamahan ko ang anak n’yo sa Maynila?” paniniyak niya sa narinig. Tumango ang kausap.

“Doon ka sa bahay namin sa Quezon City tutuloy kasama si Dea para makasiguro ako na wala siyang gagawing kalokohan sa panahong kasa-kasama niya ang Jim na ’yun. Wala siyang choice, ako ang masusunod,” patuloy nito.

Napatingala sa langit si Aldrick, sabay buntong-hininga nang malakas. Hindi niya lubos-maisip kung paano ito tatanggapin ni Dea gayung anino niya pa lang ay parang kinagagalitan na nito. At saka parating gumagawa ng paraan ang babae para inisin siya, pahirapan, etcetera. Baka pag hindi siya makapagtimpi, mamumura na niya talaga ito.

“Wala po ba kayong tiwala sa anak n’yo, Sir?”

“Meron, kaso sa lalaking ’yun, wala. Niyayakap niya nga ang anak ko kahit kaharap ako, ano pa kaya kung silang dalawa na lang? Hindi siya nararapat kay Dea, pero ayoko namang pangunahan ang aking anak dahil baka sa huli, ako pa ang kamuhian niya at sisihin. Gusto kong siya mismo ang makatuklas na

hindi ang tipo ni Jim ang panghabang-buhay. Kaya please, paki-chaperon si Dea sa lahat ng lakad niya. Huwag kang mag-alala, bibigyan kita ng malaking allowance para hindi ka madehado.”

Umiling-iling siya. “Hindi po ’yan ang ipinag-aalala ko, Sir. Wala na po bang ibang paraan? Bakit po ako pa?” tanong niya.

“Kailangan mo pa ba talagang itanong ’yan, Aldrick? Pinagkakatiwalaan kita. Alam kong nasa mabuting kamay si Dea pag ikaw ang kasama niya,” walang gatol na sagot ng matanda.

“Salamat po, pero hindi ko po maipapangakong tatahimik ako at papalagpasin lang lahat ng hindi magandang gagawin o sasabihin ni Dea,” pauna na niya. Tumawa si Sir Tony.

“Okay lang, Hijo. Mabuti nga ’yun para matutunan ni Dea na magpakatao,” pagtatapos nito sa usapan nila.

Kinagabihan, nalaman ni Dea ang desisyon ng ama. Pagkainis ang reaksyon ng dalaga nang marinig ang nais nito na si Aldrick ang tatayong chaperon niya.

“Are you out of your mind, Pa? Imbyerna ako sa lalaking ’yun, walang breeding at bossy! ”Tapos isang linggo ko siyang makakasama sa iisang bubong? Hello!” Nakamulagat siya sa inis habang nagsasalita. Pero nagsawalang-bahala ito.

“Mali ang pagkakakilala mo sa kanya, Dea. Maaaring ’yun ang inaani mo kay Aldrick dahil ’yun din ang ipinapakita mo sa kanya. Have you ever tried to be good to him?”

“Bakit ko naman po gagawin ’yun, eh, trabahador natin siya? Hindi ko siya ka-level,” pagmamaldita pa niya. Tila hindi naman inaasahan ni Sir Tony ang isinagot ng anak.

“Shut up, Andrea! Hindi ko alam kung bakit ka naging ganyan, pero isa lang ang matitiyak ko sa ’yo, wala kang dapat ipagmatapobre dahil hindi ka naman ipinanganak na likas na mayaman. Kagaya nilang lahat, ordinaryong mangingisda lang din ako noon na nagsikap at nagpaaral sa sarili, sinuwerte at nagkanegosyo. Kaya sana, kilabutan ka sa mga sinasabi mo!” pasigaw na sabi nito.

Nanunumbat din ang tingin ni Mercy sa kanya, kaya napayuko na lang si Dea at mahinang nag-sorry. Umiyak siya pag-akyat sa kuwerto. Nagagalit siya dahil alam niyang nasaktan ang kanyang papa.

Lagi na lang silang may pagtatalo pag nababanggit ang Aldrick na iyon. Para bang napakasama niyang tao at ito na lang lagi ang mabait.

Kahit papaano, nabawasan ang kanyang depression nang tumawag si Jim. Natuwa ito sa sinabi niyang siya na lang ang luluwas ng Maynila sa darating na Linggo. At least daw, makakakilos sila nang maluwag. Hindi tuloy niya nasabi na may asungot siyang kasama dahil baka madismaya lang ang nobyo.

Kinabukasan, hindi siya kinikibo ng mga magulang kahit binabati niya ang mga ito. Naisip niyang mamalengke at ipagluto ang mga ito ng kare-kare, ang tanging ulam na alam niyang lutuin bukod sa pagprito. Bitbit ang mga sangkap ng kare-kare, napadaan siya sa bangketa kung saan samu't saring bilingin ang nakalatag.

Nalaman niyang market day pala ngayon kaya marami ang paninda at mamimili. Partikular na nagkainteres ang dalaga sa mga accessories na gawa sa shells.

“Ano’ng hanap mo, Ineng?” magalang na tanong ng tintera. Ngumiti siya at itinuro ang mga pulseras na napaka-intricate ng pagkakagawa. “Ang gaganda po ng mga ’yan. Kayo po ang gumawa?”

“Oo. Lahat ng ’yan ay babagay sa ’yo dahil maputi ka at ubod ng ganda,” puri pa ng may-edad na babae. Nahihiyang nagpasalamat siya. Habang nakikipagkuwentuhan dito, bumili siya ng ilang accessories na para sa kanya ay pinakamaganda ang pagkakagawa.

Magdadapit-hapon na nang nakarating ng bahay si Dea. Nakita ng mga magulang ang kanyang effort sa pagluluto, kaya hindi na nakatiis ang mga ito at pinansin na rin siya. Dumating si Teddy at magkakasabay silang naghapunan. Nagtipun-tipon din sila sa entertainment room pagkatapos kumain at nagkantahan sa videoke. Hanggang maiwan sila ni Teddy na nag-ayang maglaro ng baraha habang nagkukuwentuhan.

“So, Sis, totoo bang paluwas ka na sa isang araw para i-meet ang long-lost boyfriend mo?” tanong nito habang nagbabalasa ng baraha. Tango ang isinagot ni Dea. “Totoo din bang si Pareng Aldrick ang sasama sa ‘yo?’” anito, sabay distribute ng baraha.

“Unfortunately,” marahang sagot niya na kaagad sumimangot nang madinig ang pangalang ‘Aldrick’. Inayos niya ang pagkakasalansan ng baraha sa kanyang mga palad. Napatawa ang kanyang kausap.

“Hay naku, this is going to be very interesting!

Sino kaya sa dalawa ang magiging bayaw ko in the end?” bulalas nito.

“Ano ’ika mo? Si Jim siyempre! How dare you to even consider that guy Aldrick. We hate each other. Ano naman ang nakain mo para isipin na magkakagusto ako sa kumag na ’yun?” buwelta niya na nahampas sa braso ang nanunudyong kapatid.

“Ikaw naman, Sis, parang kelan lang patay na patay ka kay Aldrick, di ba? Sabi mo pa nga sa notebook, mahal mo siya, eh. Malay natin. Madaming p’wedeng mangyari sa pagtira n’yo sa loob ng isang bahay,” walang kagatul-gatol na tudyong nito.

Hinampas niya uli ito, this time sa likod na. “Yuck! Balak ko ngang huwag umuwi d’un pag nakarating na kami ng Maynila. Mamuhay siya d’un nang mag-isa. Magho-hotel na lang ako, ’no! At saka huwag mo ngang mabanggit-banggit uli ’yun, Kuya. Bata pa ako n’un, sakitin lang ako at na-overdose sa antibiotic kaya ko nasabi ang mga gan’ung bagay,” nakalabing sabi ng dalaga.

“Grabe ka naman. Heartthrob po siya magmula elementary kami, up to date, kasi mabuti siyang tao bukod pa sa may hitsura naman talaga. By the way, mahigpit ang bilin ni Papa kay Aldrick. Pag ginawa mo ’yang pagtira sa hotel, masasaktan ka kay Papa,

Hanggang Sa Muli, Pag-ibig - Marianna Ruiz

I assure you,” paalala ng kapatid.

At alam ni Dea, hindi ito nagbibiro. Ang taong mabait, pag inabuso, nagbabago ng anyo. Hindi mangingiming pagbuhatan siya ng kamay ang ama pag gumawa siya ng isang bagay na hindi naaayon sa gusto nito.